# ANG LIDER AT TAYO

*by:*
**Rhodora C. Ganzon**
*Administrative Officer II, Bonifacio Camacho National High School*

Ano ba ang kahalagahan ng isang pagiging mabuting lider? Ano ang kahihinatnan ng isang lipunan na may mahusay na pinuno?

Sa ating araw-araw na pakikibaka, kailangan natin ang isang tao na masasandalan maging ito ay sa ating pamilya, trabaho at komunidad. Kabilang tayo sa maliit na komunidad na tinatawag nating pamilya kung saan mas madalas ang nanay o ang tatay ang nagsisilbing lider ng tahanan. Ang namumuno sa ating pamilya ang gumagabay sa atin paano magsisilbing buo at panatilihing nagkakaisa at nagmamahalan ang bawat miyembro nito. Kung hindi mabuti ang namumuno dito, unti unting babagsak ang bawat haligi nito. Tatakbo ang bawat miyembro sa labas nito upang manguha ng suporta sa kung saanman sila makakakita at makakaramdam ng kahalagahan. Hindi kailangan ng kahit anong makikinang na bagay o makabagong kagamitan upang ipakita ang suporta ng namumuno dito. Mananatiling sapat kung ang oras ay binibigyang importansya upang makasama ang bumubuo sa miyembro ng pamilya. Sa kabila ng hadlang sa teknolohiya, kung saan nahahati ang atensyon ng bawat miyembro ng pamilya, maraming pamamaraan na magagawa upang manatili ang pagkakasama sama ng bawat isa. Nasa mabungang pagpaplano ng namumuno ang pagpapasigla ng samahan nito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa isang organisasyon, ang mahusay na pamumuno ang nagdadala ng katiwasayan sa bawat gumaganap dito. ang lider ang siyang nakakakita ng kalagayan ng kanyang ng kanyang pinamumunuan. Tumitingin siya sa kabuuan ng nasasakupan gamit ang pusong may malasakit at matalinong pag-iisip upang tuparin ang layunin ng samahan. Nasasalamin nya ang sitwasyon ng mga taong nasasakupan nya at kinikilala

ang opinyon at boses ng mga ito. Ang mabuting lider ay mahusay na tagasunod, nagtitiwala sa kakayahan ng kanyang mga nasasakupan at nagbibigay inspirasyon sa mga taong mas mababa ang katungkulan sa kanya na lalo pang pagbutihin ang kanilang mga tungkulin.

Ngayon na dumating ulit tayo sa bagong administrasyon, tayo ay muling makakakilala ng bagong pangulo na magisisilbing angkla ng buong bansa. sya ay magiging ama nating mamamayang pilipino. Nakakarami ang naniniwalang sya ang makakatulong iangat ang kabuhayan ng ating mga kababayan at ekonomiya ng ating bansa. Tama marami ang naniniwala na kaya niyang baguhin at umaasa ng isang makabagong pilipinas. oo, siya ang ating pangulo.

Nasa ating mga lider ang pamumuno. ngunit, tayo ay may katungkulan din. Sa loob ng pamilya. sa organisayong ating kinabibilangan. maaaring sila ang nakatalaga; sa kanila tayo nakatingala. Gagawin nila ang kanilang parte sa pamumuno ngunit suportahan natin sila ng buong puso.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pamilya, organisasyon at Pilipinas, iisa o marami ang namumuno, magkaisa, magtulungan at magmahalan para sa iisang hangarin lamang.

*References:*

1.www.hawaii.edu/filipino/Lessons/PamilyangPilipino%20Pilipino.html

2.https://www.slideshare.net/ednaazarcon7/es-p-8-modyul-8-ang-mapanagutang-pamumuno-at